VIRTUOSO



KARIM LAN

VOLUME 2





VIRTOUSO

Volume 2 : Karimlan

POLYTECHNIC COLLEGE OF THE CITY OF MEYCAUAYAN
Pag-asa Street, Malhacan, City of Meycauayan, Bulacan

PAUNANG SALITA

Bagong normal. Bagong karanasan. Bagong panitikan.

Sa loob ng dalawang taon na tayo ay humarap at dumanas ng malalang pagbabago sa pang-araw na araw na buhay, mistulang ang bawat umaga ay naging isang hamon para sa atin. Puno ng pakikibaka ang pang-araw-araw na buhay bawat isa, walang pinili at walang tinangi ang pandemyang pinagdaanan natin. Kaya't hindi na nakapagtataka kung pinatatag din tayo ng karanasan nating ito.

Baon at palagi na nating bitbit ang mga karanasan na humubog sa atin sa loob ng dalawang taon. Mga karanasan maganda, pangit, nakatutuwa, nakaiiyak, at samu't sari pa. Mga karanasan palagi ng tatak ng kung sino at ano tayo bilang isang tao. Tunay, ang pandemya ay isang karanasang binago ang pagtingin natin sa buhay.

Kaakibat ng bagong normal, mga bagong karanasan, ang pangangak ng bagong panitikan. Mula sa malilikot ba isipan ng mga bagong manunulat ng ating paaralan at lipunan, kanilang ipinanganak ang mga akdang pampanitikan na bunga hindi lamang ng kanilang mayaman na imahinasyon ngunit ng kanilang mas mayaman na karanasan - mga karanasang patuloy na humuhubog sa kanilang bilang isang manunulat.

Bagong panitikan mula sa mga bagong karanasan na dulot ng bagong normal handog ng ating papasibol na mga manunulat.

Coun. Catherine C. Abacan

Officer-in-Charge, PCCM



PAUNANG SALITA

Isang Mapagpalang araw sa lahat!

Ang pagkakaroon ng isang natatanging publikasyon ay tunay na maituturing na yaman ng isang institusyon. Kaya naman isang karangalan ang pagbati ko sa inyong lahat, lalo't higit sa mga bumubuo ng SCRIBES, sa mga mag-aaral at mga kaguruang nasa likod ng mahuhusay na panulat at boses ng paaralan.

Sinasabi ngang sa kasalukuyang panahon, tayong mga Pilipino ay kapwa sumasagwan sa hamon ng pandemya, at sa iba't ibang sitwasyong ating kinakaharap, sinusubok lalo ang ating katatagan bilang mga mamamayan. Naniniwala akong mas kinakailangan ngayon ang isang mabisang sandata ng impormasyon, ekspresyon at inspirasyon, ito man ay nasa iba't ibang genre o mga anyo ng pagsulat. Kaugnay nito, ang pagbuo ng mga Literary Folio mula sa sariling mga danas at saloobin ay isang napakahalagang instrumento para sa malayang ekspresyon… ngunit higit sa lahat, ito ay magsisilbing-daluyan ng malikhaing pag-iisip, minimithing damdamin, at maging ang kamulatan para sa lahat.

KARIMLAN… sa aking paghahagilap sa kahulugan ng salitang ito bilang pamagat ng kalipunan o folio, masasaliksik na ito ay nangangahulugang kadiliman at maaaring sumagi sa isip nang lahat ang negatibo, pighati o "dead end" ika nga. Subalit kung ating susuriin at kikilatisin sa malalim na pagtingin, higit pa rito ang nais nitong ibahagi sa atin. KARIMLAN: ito ay salamin ng tunay at sariling karanasan ng mga mag-aaral, kanilang repleksyon, mga pagmumuni, inindang pagpapagal, at sa huli… ang muling pagbangon at pagtingin sa panibagong pag-asa.

Muli, pagpupugay at pasasalamat sa lahat ng mga mag-aaral, mga guro at sa lahat ng mga bumubuo ng publikasyon, nawa ay magpatuloy kayo sa sining ng pagsulat at maging tanglaw sa buhay ng nakararami! Mabuhay kayo at mabuhay ang malayang pamamahayag.

Dr. Reneliza C. Sta. Ana
Dekana



PAUNANG SALITA

Ang patuloy na pagbabahagi ng mga personal na karanasan sa pamamagitan ng pagsusulat ang palaging mga buhay na patotoo na lahat tayo ay may iba't ibang kwento at iba't ibang pagkatuto sa pandemyang ito. Isang hamon mang maituturing ngunit sa kabila nito, hindi maikakaila ang yaman ng aral na naidulot nito sa bawat isa sa atin. Nakatutuwang isipin ang panganganak ng mga akdang pampanitikan na ito. Isang patunay na ang bawat pagsubok na ating kinakaharap ay ang pagpapatotoo na patuloy na buhay rin ang ating pantikan. Hindi kailanman titigil ang mga batang manunulat sa paglikha ng panitikang hindi na kailanman pang mababura, anomang pandemya pa ang dumating.



Kind regards!

Rona R. dela Rosa
Teacher Education Program, Head

Pagbati sa Scribes dahil sa kaniyang plataporma patungkol sa talakayan sa komunidad at isang lugar para sa mga interesado sa pamamahayag upang paunlarin ang kanilang mga kasanayan. Ito ay nag-uulat ng mga balita, naglalathala ng mga opinyon ng mga mag-aaral at guro. Maliban sa mga layuning ito, nagsisilbi rin ang mga publikasyong pang-estudyante bilang tagapagbantay ng katotohanan. May mga nauugnay na kaganapan sa pagsusulat ng mga maikling kwento, artikulo, tula at sanaysay na may merito sa panitikan at akademiko ayon sa karanasan at saloobin sa gitna ng pandemya. Ito ay tumutugon sa mga tekstong nagpapasaya, nakakahamon at nagbibigay inspirasyon sa bawat isa.

Mula sa Hospitality Management Program, isang masidhing pagbati sa pamunuan ng Scribes. Maraming salamat at palagi tayong mag-iingat. Padayon!!!



Mensahe mula kay:

Prof. Maricris M. Ampuan
Head, Hospitality and Management Program

Nais kong ipabatid ang aking taos-pusong pagbati sa lahat ng bumubuo ng Scribes. Habang ang makasaysayang panahong ito ay naghatid ng 'di inaasahang mga pagsubok dulot ng pandemya- ang COVID-19. Naniniwala akong ang mga nilikhang mga tula, maikling kwento, sanaysay at iba pang akdang pampanitikan ng PCCMians ay makapagdaragdag ng kaalaman at inspirasyon sa inyong mga mambabasa sa pamamagitan ng lathalain ng Scribes.
Nawa'y patuloy ninyong pagsumikapang bigyan ng tamang perspektibo ang ating mga mag-aaral upang mahubog sila na maging katalyuan ng pagbabago at maging responsableng indibidwal.

Muli, isang pagpupugay! Padayon, Scribes!!!



Mensahe mula kay:

Prof. Rose Kathleen G. Delos Santos
Head, Office Administration Program

DEDIKASYON

Nag-uumapaw ang aming kasiyahan na ibahagi sa iyo ang ikala wang tomo ng Virtuoso - ang KARIMLAN. Isang hakbang sa layun ing magbigay pagkakataon na maihayag ang mga tinig at sigaw na nagkukubli sa dilim; bigyang kaliwanagan ang mga bulong na binalot ng katahimikan; ibalik ang kislap ng mga matang hilam sa luha; at maging inspirasyon para sa mga tinig na hindi ma rinig at katotohanang hindi makita gamit ang tinta at puting piraso ng papel na naglalaman ng karimarimarim na hiwaga.
Sa tagumpay na natamo ng aming pangkat, malugod naming inaa lay ang pangalawang yugtong ito sa lahat ng naging bahagi ng publikasyon mula pa sa araw ng pagpaplano hanggang sa magka roon ng kopya ang mga PCCMian – salamat sa pananatili sa mga pagkakataong umaandap ang pag-asa at nasusubok ang katatagan ng bawat isa.
Salamat lalong-lalo na

sa mga indibidwal na masigasig sa paglikom ng nilalaman sa bawat pahina,

sa mga walang takot na nagbahagi ng kanilang kwento at karanasan

sa lahat ng napapagod na pero pilit na tumatayo para mag patuloy sa kabila ng hagupit ng pandemya at iba pang unos

sa mga patuloy na umaahon sa bawat paglubog at lumalaban sa mga hamon tangan ang kanilang panulat

sa aming mga magulang na nagsisilbing liwanag sa aming karimlan at nagbibigay ng suportang moral

sa mga pinuno ng aming paaralan at sa aming tagapayo na nagsisilbing angkla sa aming paglalakbay tungo sa realidad ng buhay

sa aming mga mambabasa na upang magsilbing paalala na hindi ka nag-iisa.

Matatapos din ang kapanglawan at sisibol ulit ang kagalakan.

-Editorial Board

TALAAN NG NILALAMAN

I

DISKARTE, DIPLOMA AT DIGNIDAD
"Kung 'di kaya today, e 'di tomorrow!"
LARAWANG KUPAS
Pagbabago ang nangyari

****

II

KUNG MULAT AT MAY BOSES ANG MIKROBYO
Nakalilipad Ang Tao
Parola
"TAKAP"
Katok sa Pinto.
Hagupit ng Pandemya:
Walang (MAY) Alam Kung Nasaan Ang (PAG-ASA)

****

III

Hawla
Ddal

****

IV

Sa Susunod na Habang Buhay
THIS IS GARBAGE
Tara Pag-usapan Natin
'Sang Dekada at Isa

****

V

Keep going;
K A P E

****

VI

Sulat para sa isang kaibigan
Pahinga
Gunita

****

VII

ANG PROTOCOL, SA KABILANG BANDA
Alaala
Kamusta ka?
Mapagbalatkayo
BALUNLUGOD
"Kadilimang walang nakaaalam"
ANG BUHAY SA GITNA NG ALON NA MALAKAS!
Ma, Pa, Iyong Anak Niyo....

VIII

URONG!! SULONG!
Joy
"Binasura ng Realidad"
'GULO'
Untitled

****

IX

Minsan lang
KAPAG GABI NA
C R E S I A (Dagli)
Salubong
MEDALYANG DUGUAN

****

X

ILAW
W A K A S
Ningas ng Pag-asa
" Siklo ng Buhay "

****

XI

Ghost
Para sa mga Breadwinner ng Pamilya.
Nang Minsan akong nagkasugat



DISKARTE, DIPLOMA AT DIGNIDAD

Anna Marie P. Buenaventura

Isang online seller si Aling Mila na walang bilib sa mga taong nakapagtapos ng pag-aaral na hindi naman umasenso ang buhay. "Sus! Hindi sukatan 'yang diplomang 'yan noh! Ako nga, kita mo naman, hindi nakatapos ng pag-aaral pero asensado sa pagbebenta ng air fryer at rejuv set."

Madalas niyang hamakin ang edukasyon sa harapan ng kaniyang mga amiga lalo na sa social media, kesyo diskarte lamang daw ang kailangan sa buhay.

"Tingnan mo nga si Aling Cecilia, pinagtapos ang mga anak para maging guro tapos ano? Siya itong inoobliga ang mga anak na tustusan siya dahil sinusumbat niyang siya ang bumuhay at nagpa-aral. Walang asenso 'yang mga 'yan, makasarili ang ina at sunud-sunuran naman ang kawawang mga anak. Parehong walang diskarte sa buhay. Diploma lang ang iyayabang, pwe!"

Sa di kalayuan ay nakikinig ang kanyang panganay na anak na si Julio na 'tila ngingisi-ngisi. Maya-maya pa ay nagsiuwian na ang mag-aamiga.

"Julio, anak, anu ba naman itong grado mo?" wika ni Aling Mila.

"Ayoko na nga kasing mag-aral. Noon ko pa sinasabi sa inyo na ayokong mag-kolehiyo", sagot ni Julio.

"Aba, ako'y nagpapakahirap upang makapagtapos ka at ng magkaroon ka nang magandang buhay!" sigaw ni Aling Mila sa anak.

“Kayo nga itong nagsasabi na ‘di mahalaga ang diploma e, pinagmamalaki niyo diyan sa mga amiga ninyo na dapat madiskarte tapos taliwas sa sinasabi ninyo ang pinapagawa niyo sa akin.” Pabalang na sagot ni Julio. “Didiskarte ako sa sarili ko para mabuhay, tutal ‘yun naman sabi niyo, diskarte lang ang kailangan.”
Maagang umalis si Julio ng sumunod na araw at halos gabi na ng ito ay umuwi. Agad niyang inabutan ng pera ang kaniyang ina sabay sabing, “kinita ko ‘yan sa diskarte ko ngayong araw, Inay.”

Nagtataka si Aling Mila kung saan nakakuha ng malaking halaga ang binata kaya agad niya itong tinanong, “Saan galing ito?”

“Sa diskarte ko nga, sabi ko naman sa inyo, naniniwala ako sa palagi niyong sinasabi na hindi mahalaga ang diploma nasa diskarte lang yan.” Sagot nito sa ina.

Makalipas ang ilang linggo, isang balita ang gumulantang kay Aling Mila. Napatay ang kaniyang anak na si Julio nang magkaroon ng raid sa warehouse ng pagawaan ng droga. Labis-labis ang kaniyang
paghihinagpis at pagsisisi. Dahil sa palaging pagdiriin niya na hindi mahalaga ang diploma at maigi pang maging madiskarte ay napahamak ang kaniyang anak. Hindi rin niya naituro sa kaniyang anak na dumiskarte sa paraang marangal. Ngayon ang malaking halagang naipon ni Aling Mila para sa kinabukasan ni Julio ay siya ring gagamitin niya upang ihatid ang binata sa huling hantungan nito.

“Sana ay ‘di ko hinayaang lumaki ang anak ko na nakikita at nadidinig na minamaliit ko ang edukasyon sa harap ng ibang tao. Julio, anak, ang pinakamahalaga sa lahat ay ang maging mabuting tao. Hindi lamang diskarte, kundi dignidad, hanapbuhay na marangal. Sana nasabi kong mas magiging tiyak ang iyong kinabukasan kung kalakip ng diskarte ay diploma at dignidad.”

"Kung 'di kaya today, e ‘di tomorrow!"

PIYANUT

Bago ko umpisahan ang aking kwento mangyaring alalahanin mo muna ang mga unang araw mo sa bahay simula ng mag-pandemya. Nakaka-stress ba? Mahirap mag-adjust? Nakakatamad?

Opo, gan'yan din ang mga naramdaman ko.

Balikan ko lang 'yung naranasan ko last year.

Iniisip ko no'ng mga panahong 'yon kung paano 'ko matututo sa bahay lalo't wala kaming mga gamit para sa online class. Si mama at papa ay parehong mananahi, sapat lang ang kinikita nila sa pang-araw-araw naming pangangailangan. Dumagdag pa na kailangan naming dalawang magkapatid ng mga gamit para sa online class. Unti-unti pang humina ang pinapasukan ng aking maagulang na talagang nagpaisip sa akin na humanap ng pagkakakitaan.

Nagbakasali ako sa online selling pero 'di nag-click. Nag-apply ako sa factory, call center agency, at fast food chain kaso ang hirap makapasok during that time. Karamihan kasi sa mga kumpanya nagbawas ng mga workers kaya pahirapan talaga kumuha ng trabaho. Nakapasa ako sa Concentrix Quezon City Branch at signing of contract na pero no'ng nalaman nilang student ako, inekis nila 'ko. Sayang 'yung opportunity na 'yon pero the next day after ng nangyari, I recieved a chat on messenger from one of my classmates ngayon sa PCCM. Nagwo-work na rin 'tong classmate ko na 'to mga two months ago na yata so medyo matagal na rin talaga akong nakatengga sa bahay(Palamunin na talaga). She said "Pasok kayo bukas sa Great Deals Marilao."

No'ng una nag-aalangan nga ako kasi sobrang daming tao doon base sa mga naririnig ko. Pero mas pinili kong pumasok kasi nga kailangan ko talagang makatulong kila mama't papa. First day ko sa work mahirap talaga at sobra akong naninibago. Hanggang sa nasanay na rin ako na papasok ako sa araw at mag-aaral sa gabi. Naging routine ko na mag-aral sa gabi no'ng mga unang dalawang buwan na pumapasok ako sa GD pero kinalauanan tinamad ako. Napagod ako. First Semester ko na sa second year at pinili ko pa ring ipagpatuloy na pumasok sa GD para makatulong kila mama. Sa awa ng diyos nakabili ako ng mga gamit namin para sa online class at nakatutulong na rin ako sa mga pang-araw-araw na gastusin sa bahay.

Balikan ko lang, napagod ako na palaging uuwi ng gabi at magpapagabi pa ng husto para lang gumawa ng module. Tinamad po ako. Nakasanayan kong gumawa ng module ng isang bagsakan lang; isang araw na pakikipagtuos sa mga LGs; hindi s'ya healthy lalo't kakarampot lang ang natutunan ko. Oo nga nakakasagot ako sa mga modules namin pero 'yung utak ko naman ay papurol na ng papurol. Na-miss ko tuloy 'yung mga panahaong napaka-active ko sa classroom. Palagi akong nagre-recite, bibo sa mga group activities, nakikipaglandian(char!), nakikipagharutan sa mga kaklase at marami pang iba.

'Di sa pagmamayabang, consistent honor student naman ako since I started schooling. Dean's Lister no'ng first sem' ko no'ng first year pero mukhang karjak na yata this year... Pero sabi nga nila, laban lang ng laban, push! Ngayon ay pumapasok na lang ako sa GD tuwing kailangan nila ng tao kapag sale. Sa palagay ko kasi, kailangan ko ring ipahinga ang aking katawan. Ipapahinga ko muna s'ya kasabay ng muli kong pagyakap sa edukasyon. Mas mapaglalaanan ko na ng oras ang aking sarili at pag-aaral habang ako ay nakakatulong sa aking mga magulang. Masaya sa pakiramdam na naranasan ko 'yung mga bagay na gano'n. Nagoovertime kami hanggang ala-una ng madaling araw tapos may pasok kinabukasan ng alas-otso. Kaya ang oras ko sa pag-aaral ay sobrang naging limitado nalang. Sa kabila ng pagiging limitado, proud pa rin ako sa sarili ko na never kong sinuko ang pag-aaral ko kahit na nahihirapan ako.

Payo ko sa mga kapwa ko estudyante na nakababasa nito, 'wag mong sukuan ang edukasyon dahil ang edukasyon, never susuko sa'yo. Nand'yan lang 'yan, walang pinipiling edad, katayuan sa buhay, at kasarian. Kapag napagod ka, take some rest baka 'di pa talaga 'yon 'yung right time, then try mo ulit. Wala namang masama sa paghinto e, ang masama 'yung susuko ka nalang basta basta. Sa mga working students din katulad ko, sobrang saludo po ako sa inyo! Alam ko pong mahirap pero kinakaya natin para sa mga pangarap natin.

Marami akong natutunan this first sem' kung saan lahat tayo ay nakaranas ng matinding bangungot. Kailangan sa buhay ang magpatuloy kahit ilang ulit kang madapa. Kahit na ilang ulit kang payukuin ng problema, paiyakin ng mga pangayaring 'di mo inaasahan, at lituhin ng tadhana. 'Wag na 'wag kang liliko at susuko. Mas piliin mong matalo ng lumalaban kaysa matalo ng walang ginagawa.

LARAWANG KUPAS

Akire

Halos isang taon na ang nakakalipas
Ngunit ang ating bansa ay hindi pa rin makaalpas
Ang ating mga nakagawian ay tila isang larawang kupas
Mababatid natin na ang panahon ay mabilis na lumilipas.

Noon ang paligid ay nababalot ng hiyawan
Takbuhan, sigawan at kantyawan
Mula sa mga batang naglalaro sa daan
Tila ngayon isang pag babaliktanaw na lamang

Sa gitna ng pandemya, Lalong naghirap ang bansa
Ang ating mamamayan ay nalubog na rin sa utang
Itong panahon na ito kapag kapus palad ka,
Lalo kang mawawalan ng pag asa

Isang larawang kupas na dati ay tayo'y may laya
Hindi tayo nangangamba sa twing tayo ay lalabas
Lalabas ng pintuan ng bahay na malakas
At babalik tayong masigla at walang iniinda

Pati pagpasok sa eskwela ay naglaho na
Ang ibat ibang esksena sa loob ng silid
Tila pag alala na lamang sa mga nabuong magandang samahan
Na malabo ng mahagkan at maranasan muli

Isang larawang kupas na mababatid ng lahat
Ang bawat kuha sa larawan ay may lihim
Lihim na kailan man ay tiyak na ala -ala na lamang
Kahit lumipas ang panahon nag ukit ito ng kasiyahan

Kay sarap nga naman na mag balik tanaw sa ating nakasanayan
Subalit yaong kasiyahan ay may hangganan
Tayo'y magpatuloy na kaharapin ang hamon ng buhay
Harapin ang suliranin ng may mga ngiti sa ating mga labi.

Maging larawang kupas man ang inukit natin sa ating puso't isipan
Magtiwala tayo sa Diyos Ama na lahat ng ito ay pagsubok lamang.
Ingatan ang iyong sarili upang hindi ka mapabilang
Sa mga larawang kupas na titignan na lamang.....

Pagbabago ang nangyari

BinibiniSaDilim

~R-ringggggg ....
Ito na ang hudyat,
Ala syete na't kailangan nang mag ayos para sa pagkuha ng bagong kaalaman,
Maging alerto ka,
Dahil ito ay panibagong umaga.
Ganito ang panibagong proseso,
Masanay ka at sa umaga'y tumayo,
Mag-ayos ka ng sarili mo,
Paghahanda ang s'yang dapat matutunan mo.
Lakihan mo ang ngiti sa mukha,
Itago mo ang iyong kaba,
Ilang araw kang mag obserba t'saka ka makihalubilo sa kanila ...
Magkakaroon ka ng mga butihing guro,
Sila ang gagabay sa inyo sa loob ng ilang taon,
Makinig ka, dahil ang lahat ng ito ay pakikinabangan mo paglaon.
At sa pag daan ng panahon,
Marami ang mga 'di malilimutang pagkakataon,
Mga tawanang pagsasaluhan,
Mga memoryang babaunin ng lahat.

~DAHIL SA DUMATING SYA ...

Ika- Sampo ng Marso,
Taong dalawang libo't dalawangpu,
Tuwang tuwa ang lahat dahil magiging pahinga ito,
Pero lahat ay nagbago,
Parang bumaliktad ang pag ikot ng mundo ..
Ang akala nating isang linggo pahinga ay tumagal ng ilang buwan,
Na adjust maging ang buwan ng pasukan,
"New normal" ang ating sinundan.
Face to face ay ipinagbawal,
Screen ngayon ang nagsisilbing paraan para sa ating pag aaral,
Load na ang baon, Mag adjust ka dahil ito lang ang choice mo ngayon ...
Online platform ang naging medium,
Magsagot ka ng learning guide atsaka ito iupload ...
Naging gamit ang modernong teknolohiya,
Sa gamit na gadget na tayo nagkikita kita,
Limitado ang galawan,
Nawala ang mga dati nating nakasanayan
Dumating ang masakit na pangyayari
Madami ang huminto dahil 'di na kaya ang nangyayari
Kakulangan sa gamit, pati na sa kakayahang mag isip
Maiiyak ka nalang habang iniisip ang pangarap na baka 'di na makamit
Pero...

Tunay na makapangyangarihan ang Bayanihan
Tinutugunan nito ang bawat kakulangan
Binabangon ang mga nawalan ng pag asa
Pinapatunayan na kayang kaya ang problema
Ano't ano pa man, hindi 'to satin nagpahinto,
Sa ating mga naranasan, tayo pa rin ay nakatayo,
Lumalaban para sa pangarap,
Hindi man madali at may kalakip na hirap ..
May pribilehiyo ka man o wala,
Iisa tayo ng tinitignang paksa,
"EDUKASYON AT DIPLOMA."
Yan ang gusto nating makuha.
Sa paglipas ng oras, kami'y magpapasalamat,
Sa mga taong naging parte ng aming pag angat,
Tila dinamitan ang hubu't hubad na isipan,
Pinuno ng pag asa, talino, at karunungan.

KUNG MULAT AT MAY BOSES ANG MIKROBYO

Christian Jay J. Raynera

Hindi n'yo ba kayang hanapin
kung nasaan o nakanino ako
kahit punô ng pondo ang kaban
pambili ng armas pansiyasat sa akin?

Hindi n'yo tuloy magawang baybayin
kung nakanino ang aking lipi't mga supling!
A, hindi naman namin gustong pumatay,
gusto lang din naming dumami't mabuhay.

Gusto n'yo ring mabuhay hindi ba?
Kaya maiintindihan ko naman
kung gusto ninyong tapusin
ang aming pagmumultiplika,

pero ano itong isinusulong ninyo?
hindi n'yo ba kami kayang kitilin
sa pagbusal ng inyong mga bibig
kaya bibig na lang ang inyong papatayin?

Hindi kami maglalaho sa pagpapatahimik.
Patuloy kaming lalaya kahit ikulong ang masa.
Sa dulot naming sakit, hindi lunas ang diktadurya.
Hindi ang kritisismo, dahil kami ang terorista.



Nakalilipad Ang Tao

Erica Mae Baw

"Alam mo bang kayang lumipad ng tao?"

Natatawa ako habang nakikinig sa napakainosenteng kwentuhan ng dalawang suki ko ng pogs.

Mga batang napakadaling gulangan at pagkakitaan. Bibili sila sa akin ng 3 piraso kada piso sabay tatalunin kong muli upang manatiling masagana ang maliit kong negosyo.

" Nababaliw ka na ba? Wala namang pakpak ang tao e, ano yon si superman? " Kunot noong tanong ni Kulot habang inaayos ang taya nilang dalawa.

" Pwede namang magpraktis ah? Si mama kaya pero nagpa-praktis pa sya. Pag yon nakalipad wag kang aangkas ah!" pagyayabang nitong si Buknoy.

" Pwede ba yon? Nilolоko mo lang ako e! Saka na ako maniniwala pag nakalipad na siya!" naiiritang tumira si kulot umaasang mapapatihaya nya ang pogs sa gitna.

"Nagpapraktis pa si mama...

... may tali pa siya sa leeg."

Sambit ni buknoy habang pinupuntirya ang taya sa gitna.



Parola

Tōrū

Isang mangingisda ang naglayag sa karagatan ng hating-gabi. Walang anumang ibang bangka ang kasama niya ng mga oras na iyon. Madilim. Katahimikan ang bumabalot at tanging hangin lamang ang maririnig. Ang liwanag na galing sa buwan ay nagbibigay ng kaliwanagan, pati na ang maliit niyang lampara. Ngunit....."Hindi, ang lampara ko," nahulog ito at nawala ang liwanag. Sa sobrang panghihinayang ay nagawa na lamang niyang maupo. Hindi katagalan ay bumuhos naman ang malakas na ulan, at ng mga oras na iyon ay inisip niya na katapusan na niya. Siya ay nagsagwan hanggang sa matanaw niya ang liwanag na nagmumula sa bandang hilaga. Liwanag na tila sinag ng araw, maliwanag at kamangha mangha. Pinilit niyang dalhin ang bangka malapit sa daungan ngunit...

Splosh!!!

Tumagilid ang kanyang sinasakyan ng tumama ito sa bato. Itinaaas niya ang kanyang mga kamay habang ang kanyang mukha ay nakatingala. Hinahabol niya ang kanyang hininga habang pumapadyak ang mga paa sa ilalim ng tubig. Sa lakas ng alon dinala siya nito sa ikailaliman. Ang kawawang mangingisda ay tila isang batong unti-unting lumulubog. Madilim at malamig sa pakiramdam. Muli ang mangingisda ay naisip ang kanyang pamilya, mga kaibigan at mga taong inaasahan siyang makabalik. Dumilat siya ngunit alam niyang ito na ang huli. Itinaas niya ang kanyang mga kamay at tila inaabot ang buwan. At muling nagpasalamat sa liwanag hanggang sa wakas.

"TAKAP"
Mustache

Nakakulong na panahon dulot ng mikrobyo.
Di masilayang dapit-hapon---preso..
Segundo't minuto nagiging mahabang proseso.
Yugto ng karanasang ito---tunay na may turo.
tila
di hubad sa peligrong ito ang PAGBAGSAK
Subalit sa pagbulwak nito'y may pitak ng PAGKATUTO.
Gurihan man ang pag-asa---patuloy na BABANGON.
Walang puwang ang negatibo sa damdaming may PAGSULONG.
Tiniis ang hirap sa gitna ng hinaharap.
Suliranin ay niyakap kahit mabigat.
Naniniwalang pag inog ay dadatnan bukas.
Manatiling malakas kahit bagwis ay may butas.



Katok sa Pinto.

Anonymous Kraken

Tok! Tok! Tok! ….Sunod-sunod ang katok sa pinto na nagpabilis ng tibok ng aking puso. Nanlamig ang aking kamay at napako ako sa aking kinatatayuan nang makita ko ang biglang pagbukas ng pinto

“ Kuya…” tinignan ko siya sa mata, nanalangin na hindi na lumiit ang distansya mula sa aming dalawa.

“ Alam mong kahit sumigaw ka walang makakarinig sayo” mababakas pa ang mga pasa sa aking mukha noong huli siyang bumisita sa aking kwarto.

Sa bawat hakbang niya papalapit sa akin ay siya ring pagtulo ng aking luha. Hindi ako makaalis sa aking kinatatayuan, tanggap ko nang kahit anong paglaban ang gawin ko hindi ako makakatakas kay kuya.

“Huwag ka ngang maarte hindi ka naman mababuntis dito eh” wika niya habang unti-unting bumababa ang kanyang mga palad sa aking binti.

Unti-unti nang nilamon ng kamunduhan si kuya. Masakit. Nanunuot ang mga init sa balat. Gusto kong sumigaw ngunit nanghihina ako
“Kuya sasabihin ko na ito kila mama”mahina kong sambit.
“Kahit sabihin mo pa sa lahat, Walang maniniwala sayo Jacob.”

Hagupit ng Pandemya: Walang (MAY) Alam Kung Nasaan Ang (PAG-ASA)

Niel Gabriel Banania

Habang nakatulala sa ilalim ng karagatan ng mga bituin,
"Tulong!", isang tinig na pumukaw sa aking damdamin,
Dahan-dahan kong ipinikit ang aking mga mata,
Nang sa muling pagmulat ulit ng mga ito Ay bumuhos ang aking mga luha.
Umpisa na.
Naniningil na ang mundo,
Dahil sa kapabayaan ng tao.
Binigay nito ang isang pandemya
Na nagdudulot ng malawakang perwisyo.
Kawalan ng trabaho ng libo-libong mga tao
Mga tahanang walang makain sa kanilang mga plato,
Mga batang hindi makapag-aral dahil sa kakulangang materyal,
Pagkawala ng ilan nating mga kababayan. At unti-unting pagbasak ng ekonomiya ng bansa
Buhay, ang kapalit ng kapabayan,
Oras, ang magdidikta kung hanggang kailan,
Tadhana, na hindi naman natin gustong lakaran,
Nakaraan, na hindi na natin mababalikan para itama.
Hanggang kailan itong pagtitiis?
Wari ba'y wala ng bisa ang ating mga dalangin?
Ito ba'y isang panaginip?
Muli kong ipipikit ang aking mga mata.
At sa muling pagmulat ng mga ito,
Doon ko napagtanto,
Na may mabuting dulot din pala ang pandemyang ito,
Dahil unti-unti nang naghihilom ang mundo.
Nagkaroon na ulit ng luntiang kulay ang kagubatan,
Bughaw nang muli ang kulay ng karagatan,
Pagbabalik ng sariwang hangin sa kapaligiran,
Ang mga hayop ay nanunumbalik na sa kanilang tahanan.
Minulat din tayo ng pandemyang ito sa katotohanan.
Alam na natin ang tunay na kulay ng mga politiko.
Nakita natin kung sino ang nagbabalat-kayo,
At kung sino ang totoong lingkod ng bayan.
Dito natin naipamalas ang ating kabutihang taglay,
Tayo'y naging bukas palad sa mga nangangailangan,
Nagkakaisa tayo kahit magkakaiba man ang kultura't paniniwala,
Upang makamit ang inaasam na tagumpay.
Ang mga negatibong bagay ay maituturing natin ding isang biyaya,
Dahil ito ang humuhubog sa ating pagkatao,
Sa pagkakamali tayo'y natututo
Kaya't bago ko tapusin ang aking tula,
Nais kong magbigay ng mga paalala para sa aking mga kababayan:
Kapatid, gamitin ang mata.
Para mas makita ang mga problemang nangangailangan ng epektibo at mabilisang solusyon.
Kapatid, gamitin ang tainga. Para dinggin ang tawag ng mahihinang tinig ng kapwa Pilipino.
Kapatid, gamitin ang kamay. Para sa sama-samang pagkilos na magreresulta ng malawakang
pagbabago
Kapatid, gamitin ang paa. Para marating pa ang pinakamalalayong lugar na nangangailangan ng
pag-asa.
Hindi pa sa pandemyang ito nagtatapos ang lahat.
Magsilbi kang kandila sa madilim na mundo,
Walang mabigat na pandemya,
Sa taong may paniniwala sa Diyos Ama.
Hindi mo lamang ito laban,
Dahil laban natin itong lahat
Tayo'y iisa, tayong lahat ay Pilipino, Namumutawi ito sa ating mga dugo,
Darating din ang matagal nating inaasam, Lalaya rin tayo sa pandemyang ito.
Hindi pa man natin matanaw sa ngayon , Pero kung tayo'y sama-samang tutugon sa tawag at



Hawla

Wayomi Lovely E. Francisco

Ako ay nakakulong sa lugar na hindi alam ang patutunguhan
Nagugulumihanan, nagdadalamhati, at nawawalan na ng pag asa
Tila hindi makita ang kaligayahan
Nangungulila sa matamis na alaala

Lumipas na panahon, lungkot ang pinabaon
Nakalimutan ang masayang kahapon
Ang ngiti ay hindi na maibalik ng taon
Tanging umaasa sa walang kasiguraduhang pagkakataon

Humihiling ng isang himala
Lungkot sa puso ay tuluyan ng mawala
Dahil unti-unting nababalot ng pangamba
Baka bukas ay walang tiyansa

Kasabay ng pag ulan ang paghikbing hindi mapigilan
Nilalamon ng dilim ng kalangitan
Liwanag kailan kita makakamtan
Wala na akong makita kundi ang karimlan



Ddal
Moon

Sa una'y alalay, pagkada'y mabilis na takbo
Nagmamadaling makalayo sa bahay na kulungan ko.

"Anak ko 'yan, gradweyt na 'yan sa susunod na taon."
Paborito mong sambitin kung kayo'y may pagtitipon
Buong yabang mong ibinabandera aking mga medalya
Tila mga patunay na ika'y mabuting ama.

Kumikirot aking dibdib t'wing iyong sasabihin
"Kumain ka na anak, dito'y may nakahain
Ingatan ang sarili at pagdating ng araw
Sa'yong mga kapatid ika'y umalalay."

Kay hirap lunukin kaning may lakip na tungkulin
"Anak, ika'y masunurin at maunawain."
Bakit sa akin higit itong tunog hiling
Kaysa papuring madalas kong antayin?

Kay hirap mapagod kung bawal magpahinga
Pagtangis at panghihina'y para lang sa kanila
Bakit ang 'yong "tahan na" ay utos
At hindi kapanatagan sa gitna ng unos?

Takbo'y naging lakad, mga paa'y pumihit
Kamay sa bibig, hagulgol impit na impit
Ang totoo'y walang ibang mapupuntahan
Nang tumangis at pagod sana'y maibsan.

Nagbalik sa kulungan kong sinta
"Kain na, anak" sabay hila mo ng silya.



Sa Susunod na Habang Buhay

Mikey Campo

Nakatingin sa malayo habang hawak ang litrato mo,
Limang buwan na ang pagitan nung huli tayong nagtagpo.
Masyadong masakit, mabilis, ang pag-alis mo.
Wala akong nagawa kúng hindi tanggapin ito.
Ang hirap kalabanin ni Bathala,
sapagkat Siya lang ang nakakaalam ng plano.

Kung bibigyan man ako ng pagkakataon' humiling,
Tanging ang pagbabalik mo ang aking nanaisin,
Kahit imposible ka nang dumating,
Hayaan mo't sa susunod na habang buhay,
Ikaw pa rin ang aking pipiliin.

Ang hirap tapusin ng isang tula,
Kasama kita sa pagbuo nito ng simula,
Ngunit bakit sa paglipas ng oras
Mag- isa na lang akong tumataya?
Napakadaya ng panahon,
Pinaghihiwalay tayo ng alon,
Sabay tayong lumangoy sa laban ng pag-ibig
Ngunit bakit mag-isa na lang akong umaahon?

Bumalik ako sa huling lugar na ating pinuntahan,
Nagbabakasakali na makita ka sa ating tagpuan,
Ngunit ang sumalubong sa akin ay malamig na hangin,
Na yumayakap sa akin at may gustong sabihin.
Hindi ko man maintindihan ang gusto n'yang iparating,
Ngunit ramdam ko na sa susunod na habang buhay,
Ako pa rin ang iyong pipiliin.

Masyado nang matagal ang iyong pagpapahinga,
Ngunit sariwa pa rin ang alaala kung paano tayo nagsimula.
Ako'y nakatayo, ikaw naman ay nakahiga,
Sa lupang namamagitan sa ating dalawa.
Sana sa susunod na habang buhay,
Ikaw pa rin ang lamanin ng aking tula.
Sana sa susunod na habang buhay,
Tayo pa rin ang magkasama.

THIS IS GARBAGE

Bakufun

Ako ang worst nightmare mo.

Ako ang pinaka-ayaw mo, maging ng mga kaiskwela mo. Yung tipong di mo pa man nakikita, nangingilag ka na — ito kasi ang itinimbre sa'yo ng mga nauna.

Ako ang panira ng araw mo. Sa bawat pasok mo sa klase ko, ipinapanalangin mo sa diyos at mga santo, na hindi ka matawag ng diablong ito. At kung sa kamalas-malasan na matatawag man, todo-dalangin ka parin na makasagot ng katanungan; at matapos na ang delubyo ng mabilisan.

Katumbas ng death penalty sa'yo ang pagrereport sa klase ko. Haharap ka sa gitna ng lahat, at susubukang basahin ang iuulat. Nanginginig pa ang boses, pati ang katawan. Para agad matapos, pagsasalita'y bibilisan. Ang lethal injection? Simple lang: my question. Pag di nasiyahan, balik-upuan ang final destination.

Isinusumpa mo ang mga exam ko — slow ka man, o matalino. Sa lahat ng tests nyo, sa akin ang pinaka-ayaw mo. Pilit sinasabing "babagsak rin naman ako" dahil wala sa mga ito ang mga "inaral" (minemorize) mo; o di kaya'y hindi mo nabasa ang CAPITAL LETTERS sa instructions ko. Out of 50 items, ang 25 ay tila ba isang milagro. Ang katagang "PUMASA AKO!" ay tila ba katumbas ng pagkapanalo sa Lotto.

Umiikli ang lifespan mo sa paghabol sa deadline ko. Masyado kasing maikli ang isang buwan o tatlong linggo. Mas doble trabaho rin kapag pinagawa ng naka-grupo. Tapos kapag ipinasa, puro sulat ng pula — o di kaya'y may tatak ng "THIS IS GARBAGE" kapag nakitang kinopya.

Ngayong hindi na face-to-face ang setup ng klase nyo, mas may dahilan ka na para di umattend sa klase ko. Bakit ka pa magla-login ng alas-otso kung pwede namang idahilan na ikaw ay may trabaho? Bakit pa nga ba gagastusan ang online na aral-aralan kung pwedeng module-module lang naman? Kailangan pa bang pag-isipan ang papel na sasagutan, kung pwedeng i-Google at icopy-paste naman?

...at mababasa ko ulit ang mga modules na ipinasa. Nagplagiarize. Nangopya. May "THIS IS GARBAGE" nanaman sya. As an added bonus, may record pa sa OSA.

Judgment day sa'yo ang bigayan ng marka. Tumataginting na 1.0 o 1.25 ang grades mo sa iba, pero pagdating sa akin, 2.25 o 2.50 ka na. Tapos iisipin mo:

"Paano na ang scholarship ko?
"Dean's lister pa kaya ako?"
"Gaano ba kataas ang standards ng aroganteng teacher na 'to?"
"Bakit ang baba mag-grade ng bwisit na ito?"

Basag na basag na ang "emotional well-being" mo, at todo-rant sa social media dahil sa "ginawa" ko sa'yo.

...

Napunta ka sa klase ko. Sa kamalas-malasan, ako ang naging teacher mo.

...sakit no?

Pero baka nakakalimutan mo, GURO KA RIN NA TINUTURUAN KO. Kung ano ka pag-graduate mo, ay siyang produkto ko.

Gusto kitang maging maalam -- sa panahong madaling mag-aral subalit kakaunti ang may alam. Sa harap ng mga taong sa katotohanan ay hilam, at sa lipunang sa pagkatuto ng tama ay walang pakialam.

Gusto kitang maging handa -- lalo sa mga pagkakataong kailangan ka ng mga bata. Sa panahong susugurin ka ng mga feeling entitled na matatanda, at sa anupamang inaasahan ng mga boss mo at madla.

Gusto kitang maging matibay -- dahil walang katapusan ang mga sakripisyong ating iniaalay. Dahil di-biro ang tungkulin natin na dumisiplina't gumabay, at ayokong bumigay ka sa maliliit na mga bagay.

Kaya tulad ng isang panday, idadarang kita sa apoy ng pagsubok; at ulit-ulit na pupukpukin, kikinisin, at hahasain. Tulad ng isang doktor, anumang maling gawi mo ay susubukan kong gamutin; mapait man ang gamot, ika'y paiinumin; at kung malubha ang karamdaman, ika'y ooperahin. At tulad ng isang hardinero, sa paalala at babala, ika'y didiligin; at ang maling tubong mga sanga ay aking puputulin.

Hindi sa lahat ng oras ay ikatutuwa mo ang mga ginagawa ko. Hindi ako payaso -- hindi ko trabaho ang pagpapasaya sa iyo. Subalit kung makikita mo ang punto ng mga gawi ko, higit na ligaya't pasasalamat ang dulot nito sa panahon ng pagtuturo mo.

AKO ang guro mo -- ang kaibigan at kaaway mo. Magalit ka sa akin kung gusto mo, pero tatandaan mo:

"...ang lahat ng ginagawa ko ay di lang para sa iyo -- ito'y para din sa mga magiging mag-aaral mo, at sa hinaharap na siyang bubuuin ninyo."

Be my hater. Thank me later.



Tara Pag-usapan Natin

ZIAH

Paumanhin at aksidente kong nabasa ang iilan sa mga pahina ng iyong talaarawan nang minsang nabagot ako at naisipan kong ayusin ang iyong silid.

"Marso, 2020. Nagbago ang lahat dulot ng pandemya"

Tara pag-usapan natin kung gaano ka kalakas. Minsan mo nang nabanggit na nawalan ng trabaho ang panganay nyo sapagkat ito ay high risk. At ang tanging sumusuporta na lamang sa inyo ay ang iyong ate na may dalawang maliliit na anak. Hindi ko alam kung paano mo kinakaya ang katotohanang matatanda na ang mga magulang mo at may buwanang gamot pa na kailangang bilhin.

"Kung pinanganak lang sana akong lalaki, mabilis akong makahanap ng trabaho"

Bahagya akong natawa sa nabasa ko. Kapag bunso nga naman. Masyado ka kasing inalagaan ng todo kaya ngayong salat sa pinansiyal, wala kang maitutulong. Sadyang pang akademya ka lang talaga, kapag sa totoong buhay na, wala na. Kulang sa diskarte.

Pero sige… tara, pag-usapan natin kung paano mo kinikimkim ang katotohanang kulang na kulang ka pa at sa ganitong sakuna wala kang maibibigay. Pag-usapan natin kung paano mo tapusin ang isang araw sa pagbabakasakaling paggising mo, tapos na ang pandemya at babalik na sa normal ang lahat. E kwento mo sa akin kung ilang beses mo nang tinanong ang sarili mo kung anong silbi mo para maibsan ang problema ng pamilya.


"Mag-aaral para makakuha ng magandang trabaho, magtatrabaho para makapag-aral" Hindi ko lubos mapagtanto na naglakas loob kang magtrabaho habang nag-aaral. Dalawang magkaibang mundo sa iisang panahon. Ang bunso ng pamilya. Ang pinakamamahal. Ang pinaka paborito, ni hindi pinadapuan ng lamok, ngayon, binabagtas ang kahabaan ng EDSA sa dapit hapon upang pumasok sa trabaho at uuwi sa madaling araw upang mag ribyu.

Tara, pag-usapan natin kung paano mo hinayaan ang sarili mong murahin at ipahiya ng iba para lang may ipangtustos ka sa pamilya.
"Dalawang taon nalang naman magiging guro na rin ako"

Yan na lang ang bukod tanging pampalubang loob sa lahat ng bigat na iyong nararamdaman. Subalit hindi ko alam kung ano ang magiging panahon pagkalipas ng dalawang taon.

Pero tara, sabihin mo kung ilang beses ka nang umiyak ng patago, habang pinapaniwala ang sarili na hindi ka mahina. Sabihin mo sa aking sa kabila ng lahat, patuloy ka pa ring lalaban at hindi ka susuko, at sasabihin ko sayong wala pa sa talaarawan mo ang pinakamasayang bahagi ng kwento.

Ang pandemyang ito ay nagdala ng kilabot sa sangkatauhan para sa kanilang kaligtasan. Ang ating mga nakasanayan ay unti-unting nagbago



'Sang Dekada at Isa

RaJa

Ikaw ang liwanag
sa gitna ng unos
sa Hunyong dumating
nang biglaan.
Walang pasintabi.
Sumilay sa likod ng
masungit na langit.
Humakbang sa tapat ko at ngumiti.
Mula noon ikaw na ang araw
sa buhay ko.
Bumuhos ang pag-asa
na gayon ka rin sa akin
tulad ng ulan sa Mayo
na mala-himalang pumatak
kahit buong buwang ipanata.

Dahil sa 'yo lumabas ako ng kubo.
Kung matatanglawan ng sinag
mo sa gitna man ng ambon,
Handa akong magbilad
Handa akong lumusong.

At nang sa wakas ay ibiyaya
sa musmos kong puso,
Sa labas ng kubo
naghintay sa pagsuyo.
Sa silong ng langit na iyong tahanan
Kidlat ang nakatalik habang nag-aabang.
Kahit na mag-isa at nanginginig sa lamig,

Hindi ko ginustong sumilong.
Ikaw pa rin kasi ang mutya sa dilim ng mga Hunyo pang dumating.
Habang patuloy na binibilang
ang mga nalagas na dahon
sa tangkay ng mga punong di naglaon
ay bumuwal
Nasanay na ako sa ginaw.

Oktubre na pala
ng sumunod na
'sang dekada at
isa–
Hindi pa rin ako sumisilong.
Nangangatal man.
Napapagal man.
Minsan hinihiling na makabalik kahit man lang sa panahon
Bago ka nakilala
Ngunit.
Pinipili ka pa rin kakambal mo man ang sigwa.
Kahit malaon nang nakabaling ang hatid mong liwanag
sa kayakap mong tala.
Kahit na sa init mo,
iba ang nagbibilad.
Ikaw pa rin ang nag-iisa kong araw.

Oktubre na nga
ng sumunod na
'sang dekada at
isa–
Nanghahawak pa ring ako ang kaganapan ng pag-iral mo.
Na magwawakas lang ang kuwento
kung makakanlungan ka na
sa gitna ng bagyo.
O kung matapatan man lang
ng mga sinag mo.
O hanggang sa malibing na lang siguro ako
sa bahang inaapawan ng mga luha ko.

Keep going;

RDR

Life is a mysterious journey to the unknown, unknown of what its reality can offer;
A hundreds of things that are happening around us, on a daily basis, we tend to enjoy each day and hope for a brighter tomorrow;
However, ifs of our lives remain unanswered. Ifs that linger on our thoughts, making each night a fathom of darkness;
There are things beyond what we think of, things that may fall apart yet too close;
We vote for love, hate tend to sprout;
Calling for respect for nature and society, chaos happening everywhere;
Looking at this, feeling sorry for the life we have;
But life tend to offer beyond what our eyes can see and only our soul can feel;
It tells us to keep going;
Enjoy the journey while it lasts, not everyone appreciates the inner beauty;
Cherish each day as if your last, for tomorrow will remain a mystery, until we get there;
Treasure the silence of the night, its darkness leads to a more magical dreams;
Value each idea and combine with others too;
Love the nature, it will love you even more;
Understand the society, you are part of it;
Life will remain shadowy; it is how you discover that makes your journey unimaginative;

Keep going;
RDR



K A P E
Mabaya

Yakap mo ang nagsilbing despertador sa umaga
At sabay tayong sisimsim sa kapeng iyong tinimpla.
Bawat timpla mo kabisadong kabisado ko na.
Sa una'y matamis simbolo na ikaw'y masaya.
Minsan sakto lang, subalit lambing lang ayos na.
Hindi nagtagal biglang naging mapakla.

Paggising ko sa umaga'y wala ka na.
Wala nang yakap at kape sa umaga.
Bigla nalang akong natawa dahil
Tulad karin pala ng kapeng lyong inihahanda.
Sa una lang matamis, habang tumatagal pait nalang ang hatid sa aking pan-lasa.

Pahinga

Dan

Sa isang madilim na eskenita,
Mula sa dulo aking nakita,
Lumuluhang mga mata,
Mga sakit na di mapinta.

Bakit aking nararamdaman ay kakaiba?
Hindi naman ako sya,
Kasi ako ang dating sya,
Dating sya na ayaw ko na ipreserba.

Sinisimulan ko na ang bagong kabanata,
Dahan-dahan kong sinusulat ang mga talata,
Habang minumulat ang aking mata,
At hinuhubog ang aking pagkabata.

Hindi pa ko tapos,
Pero promise! Pangako!
Hindi ako titigil sa pagkilos,
Ayoko na kasi ulit sumuko.

Gunita
Abril-mayo

Oh kay sariwa pa sa'king alaala
mga matatamis na ngiti sa labi'y nangunguna
mga problema'y napapawi dahil sa bungad ng kaibigan sa umaga
nag-uunahan sa halo-halong klase ng mga makabuluhang kwentuhan ng bawat isa
Oh kay sarap sa pakiramdam,nakakagaan !
bawat kulitan at palitan ng biruan,
bawat kumpas ng gitara at masiglang awitan
nakaikot ang upuan, sabay-sabay kakain nang tanghalian
Oh kay tamis namang balik-balikan yaong mga alaala,
dulot ng pandemya, 'di na mauulit pa ang nakasanayang sistema
Sapat na siguro ang mayamang karanasan na ating natamasa
Oras na para suungin ang makabagong sistema.

ANG PROTOCOL, SA KABILANG BANDA

Christian Jay J. Raynera

Paano naman kaming mga uugod-ugod na?
Kaming mag-asawang kinalimutan na
ng mga batang palagi naming inaalala.

Paano naman kaming ang tanging kasama
at mapagbibilinan ay ang isa't isa?
Bawal kaming lumabas, paano na?

Pasensya na kayo kung hindi ko nadala
ang quarantine pass na nais n'yong makita,
naalala ko kasing ulyanin na ako,
nalimutan ko tuloy, next time na lang, apo.

Pasensya na kayo kung ako'y makulit
at ang aking facemask ay mali ang paggamit.
Kung nakababa ma'y hirap kasing huminga,
pasensya ka na anak, mahina aking baga.

Pasensya na kayo kung ang faceshield kong dala
proteksyo'y sa bunbunan at hindi sa mata,
doble sagabal, kaylabo na ng paningin,
nalimutan ko kasi kung sa'n nilapag ang salamin.

Pagpasensyahan n'yo na 'ko kung laging nangangako,
at ang lagi kong dala ay paulit-ulit na dahilan—
teka nasaan na ba 'ko? Lagpas na ng bayan?
Naku po! Diyos ko! Mali na naman ang bababaan.

Alaala

Gary Macer

Ang puso ko ay nanabik sa tuwing ikaw ay naglalaro sa aking isip
Nasa tuwina'y binabalik balikan mga larawang nag daan
Kung saan mga ngiti'y walang paglagyan
Tulad ng mga ibon na malayang lumipad,
kung saan saan napapadpad

Aking sinasariwa mga panahon na malaya pa ang lahat
Na tila mag kasintahan na hindi matapos tapos ang pag iibigan
Kung saan pinapahalagahan ang bawat sandali,
at ninanamnam ang tamis na walang katapusan

Sa aking pag iisa aking binabalik-balikan mga larawang nag daan
Kung saan walang pag lagyan ang tuwa sa aking puso
Ngunit sa aking pag babalik tanaw ay isang alaala na lang ang lahat,
Luha'y di mapigilan sa pagtulo tulad ng pag buhos ng ulan sa kalangitan

Maibabalik pa ba ang lahat?
Makakagawa pa ba ng magandang alala kung saan wala ng pandemya?
Makakalaya pa ba sa kulungan na pinaglagyan?
kung saan paggawa ng masasayang alala ang inaasam-asam.

Kamusta ka?
-pandapoem-

Kamusta ka?
Dalawang salita pero nakakapang hina
Kung mariinig ang bawat kataga
May sagot na masaya o di kaaya aya

Kamusta ka?
Tuwing mag isa ba ayos ka pa?
Tuwing aabot ng hating gabi ay kaya pa?
O nalulunod na naman ang iyong unan sa luha?

Kamusta ka na?
Tahan na
Luha ay punasan na
Ayos lang maging malungkot o masaya

Oo, malupit ang mundo
Minsan nakapang lulumo
Di masagot ang tanong na paano
Paanong ang masayahin na ikaw ay humantong sa ganito

Oo gusto mo ng sumuko
Pero paano pagkatapos nito?
Masaya ba sa paglisan mo?
O mas masayang sa huli ay masasabi mong "nakaya ko"

Minsan nga ay natanong ko ang sarili ko
Kamusta ka na dating ako?
Di mo din inaasahan na magiging ganito
Kahit ako pansin kong may nagbago

Kamusta ka nga ulit?
Pwede mong sagutin ang tanong habang nakapikit
Oo, namnamin mo ang bawat saglit
Kahit ito ay masakit

Kamusta?
Ayos ka pa ba?
Wag kang mag alala
Ang totoo di ka nag iisa....

Mapagbalatkayo

Joy

Hinahabol ko ang bawat paghinga ng buhay ko
Wala akong ginagawa,nakahiga lamang ako
Pero patuloy na bumabagsak ang katawan ko
Teka! Sandali, ayokong makisabay sa panahong ito,
Hindi kami handa at walang kamalay-malay
Na nauubusan na pala ako ng buhay
Akala ko okay lang kasi kumakain naman ako ng gulay
Pero patawad, hindi ko iningatan ang buhay na ibinigay.
Mahirap ang sitwasyon ko lalo na sa panahong ito,
Lalo na sa mga matang nanlilisik at mapanghusgang mundo
Oo, may sakit ako pero hindi tulad ng iniisip mo.
Hindi alintana,tumutulo na pala ang luha ko
Sabagay,ilang beses narin naman akong pinagtabuyan
Na parang hayop na walang tahanan
Isa naman akong mamamayan na may mabuting kalooban.
Sobrang dami ko nang iniisip pero kayo talaga ang kailangan ko,tulungan niyo naman ako,
Tao rin ako! respetuhin ninyo naman ako na kahit walang kayamanan tulad nang inyo.
Pero sige,tama na. Napapagod na kong ilaban ang buhay ko.
Kaya naman, ako ay pikit matang lalakad palayo.

BALUNLUGOD

Ardopidosa

Ikaw na nagpatuloy mamuhay nang mataas
Paano ka ngayon nito aatras?
Paano mo pahihintuin ang kapalaran na lumaban ng patas
Kung sa buong buhay mo mismo, ikaw ang nagwawakas?
Hanggang saan ka dadalhin ng pagiging arogante,
Kung ang lahat ng bagay sayo ay tila 'di importante.
Masyado ka na atang nakampante.
Kung kaya't patuloy ka pa sa iyong pagrerebelde.
Para sa akin, hangal ka kung tatawagin.
Sapagkat heto, at hinintay mo pang pangarap mo'y tuluyan nang langawin.
Saan ka nito ngayon pupulutin?
Wala kang pinagkaiba sa payasong magpatawa lamang ang kayang gawin.
Pinaniwala mo ang iyong sarili;
Na sarili mo lamang ang iyong kailangan upang mapabuti.
D'yan ka nagkakamali.
Sapagkat heto ka ngayon at tapos na.
Iniiyakan ng mga tao habang sinasabing "Sayang ka".


"Kadilimang walang nakaaalam"

Angelica G. Francisco

Malalim na mga mata at malalim na buntong hininga
Araw-araw na nadarama ngunit walang nakakakita
Mga ngiti sa umaga, ngunit luha sa gabi
Kailan nga ba matatapos itong kalungkutang nakagapos

Maraming nakakakilala ngunit pili lamang ang nakaaalam
Sa tunay niyang nadarama na kay tagal na niyang iniinda
Sinubukang ipaalam ngunit sinagot lamang ng "wala akong pakialam"
Sa kabila nito, ngingiti pa rin ng parang walang dinadamdam.

Mapagkunware man sa iba, pero masisisi mo ba ang pusong pagod na?
Pagod na sa kakasigaw ngunit walang gustong makinig
Pagod na sa pagluha at paghikbi
Tagong kalungkutang, walang karapatang husgahan.



ANG BUHAY SA GITNA NG ALON NA MALAKAS!

Touchyrose

Dati rati'y nagkakasama sa iisang kasiyahan
Maririnig ang malakas at walang patid na halakhakan
Ngunit sa isang iglap lamang ay nagmistulang kadiliman
Napuno ng kalungkutan at pag-aalinlangan.

Sa hindi inaasahang sitwasyon
Mga tao'y nalugmok at hirap makaahon
Sa hagupit na dinulot ng pandemya
Na tila ba 'di malilimutang trahedya.

Kapwa tao'y nagkakaisa at nagtutulungan
Sa hamon ng buhay na animo'y walang katapusan
Lahat ay sinubok ang pagkatao at katatagan
At nanaig ang tunay na pagmamalasakit at kabutihan.

Ako'y malayo sa aking mga mahal sa buhay
Alalang-alala at pakiwari'y di kayang sumabay
Sa mga pagsubok, sa gitna ng alon na malakas
Na sakin ay sumasalubong at humahampas.

Sumagi sa aking isipan at tinanggap ang katotohanan
Na 'di na siguro maibabalik pa ang dating kinasanayan
Ang sanlibutan ay puno ng pagdurusa at biglang gumuho
Maraming bagay at buhay ang nabago at naglaho.

Sa mundong 'di ligtas at walang katiyakan
Iisa lamang ang aking naging sandalan
Siya ang Diyos na lumikha at makapangyarihan
Na kayang lutasin lahat ng ating kapighatian.



Ma, Pa, Iyong Anak Niyo....

Kang

Ngingiti ako sa umaga
Iiyak ako sa gabi
Kaya ko pa
Ma, hindi ko na kaya
Malakas ako
Hindi ako magpapatalo
Pa, hindi ko na kaya
Ma, Pa pakinggan niyo naman ako
Iyong anak niyo pasuko na
Hindi ako sila
Hindi ako si Ate si Kuya
Kaya pakiusap tama na
Tama na ang pagkukumpara
Hin ako kasing talino nila
Hindi ako kasing galing nila
Pero para sa inyo, kaya kong manloko
Manloko ng iba at lokohin ang sarili ko
Para lang mapangiti kayo
Para lang maging proud kayo
Ma, Pa anak niyo din naman ako
Pero bakit ang layo layo niyo
Hindi ko kayo maabot dahil sa taas ng expectation niyo
Ito lang po ang kaya ko
Kasi ito lang ako
Ito lang ako
Ma, iyong anak mo nasasaktan na
Pa, iyong anak mo hindi na kaya
Napapaos na ako kakasigaw
Araw araw
Pero hindi niyo ako kayang pakinggan
Hindi niyo ako kayang tignan
Na ako lang, ako at ako lang
Gusto niyo, gusto niyo
Paano ang gusto ko?
Utos niyo sunod ko
Plano niyo sunod ko
Paano ang opinyon ko?
Mahal ko kayo
Lahat ng sakripisyo niyo
Buhat buhat ko sa magkabilang balikat ko
At kahit gaano kabigat
Hindi ko magawang sumuko
Ayokong sumuko
Dahil gusto ko makita niyo din ako
Ma, Pa naririnig niyo ba ako?
Kung OO
Pwede bang sabihin niyong proud kayo
Dahil sa anak niyo din ako
Kung HINDI
Mahal ko kayo
Ma, Pa iyong anak niyo
Ginagawa ang lahat para lang maipagmalaki niyo
At may isang hiling
Pakinggan niyo din ang boses ko

URONG!! SULONG!

Bel

Urong! Sulong!
Walang magawa kundi ang umayon.
Umayon sa takbo ng gulong,
At paningin ay ituon.

Urong! Sulong!
Eto na naman at biglang panahon na ng tag gutom.
Hindi sapat ang pera pang laman ng sikmura.
Bukas ang bibig at mapapamura.
Sa hirap ng pangyayari.
Pangyayaring hindi mawari.

Urong walang pasada.
Hindi pa nakakatanggap ng ayuda.
Walang magawa kung hindi mang hingi nalang sa kapwa.
Kahit kakarampot lang ayos na.
May pang tawid gutom lang para sa pamilya.

Maalat na luha'y pumatak sa mata.
Dahil sa hirap na dala.
Pagod, gutom, uhaw ang nadarama.
Ano pang bukas ang madadatnan kung ang mata'y dilat na.

Pero kahit na ganun sulong.
Patuloy sumumusulong at tumulong.
Aahon kahit ang panaho'y hindi umaayon.
Balintataw ng ngayon at noon.

Pandemyang pasakit,
Maayos na pamumuhay pinapait.
Nagdidil muli sa asin.
Subalit tayo'y kumapit at ituon ang pansin.

Laban Pinoy!
Laban kahit patuloy na umuurong!
Laban at ika'y sumulong!
Laban at ika'y tumulong



Joy

RaJa

Karga ng 15 años na ina ang bagong silang niyang anak. Marahan niya itong ipinaghele sa yayat niyang bisig. Hindi niya inakalang ganap na siyang ina. Naluluha pa rin siya kapag naalala ang mga hirap na pinagdaanan bago mailuwal ang anak. Marahan niya itong hinagkan.

"Akala ng nanay hindi ko kakayanin, walang imposible basta mahal namin ni Emong ang isa't isa, ma'no ba kung tumigil kami sa pag-aaral pwede naman siyang pumasok na piyon sa ginagawang daan sa may Tugatog, 18 anos naman na siya." nagmamalaking bulalas niya pa noon kay Jane na tinuluyan niya matapos lumayas sa kanila.

Sulit ang lahat ng hirap niya! Ang ganda-ganda ng baby niya! Maputi ang sanggol na tangan niya, mapusyaw nga lang ang labi pero mahahaba ang pilikmata. Sobrang bait pa. Tahimik lang na nakahimlay simula pa kaninang umuwi sila galing ng ospital. Walang kagalaw-galaw.

Hindi mapagkit ang titig niya dito at di namalayang nakabalik na pala ang asawa.

"Mahal wala pa ring balita sa hinihingi nating ayuda. Lumapit na ko sa barangay, sa munisipyo saka kina konsehal kanina, mukhang malabo talaga tayong matulungan. Pero wag kang mag-alala nakausap ko na si Tito Bobot pumayag na siya na gamitin lupa niya, dun na lang daw sa may sagingan," malungkot nitong pahayag.

"Ano kayang ipapangalan natin kay baby mahal?"

"Sabi ni mama kahit daw hindi na muna natin pangalanan, para mabilis ka raw maka-move on," sagot nito habang inaayos ang kahon ng sapatos.

"Akina si baby. Pa-kiss na si Papa last na."

Iniabot niya ang premature na bangkay ng kaniyang panganay sa naluluha nitong ama.

"Joy na lang. Isulat mo sa ibabaw ng kahon bago mo siya ibaon."

"Binasura ng Realidad"

Yska

Patuloy ang pagkayas sa sarili para masabing binibini.
Ang daming bumabatikos sa mga taong walang ibang gawin kundi buoin ang kanilang pagkatao.
Totoo ngang mahirap mapunta sa lugar kung saan ang panghuhusga ay talento.
Lumot ng lipunan!
Marahil nasa mundo tayo ng pabago-bago kaya't kelangan nating maging isa sa moderno
Maraming gustong maging malaya ngunit pinipigilan ng komunidad.
Maraming gustong maging buwan sa gitna ng mga kumikinang.
Maraming gustong maging dapit-hapon sa gilid ng karagatan.
Ngunit ang lahat ng iyon ay nagiging imahinasyon dahil sa di mapagpalayang panahon.

'GULO'

EngTusi

Alam mo ba?
Alam ko ba?
Pandemyang hindi inakala?
Nangyari na lang bigla.

Pandemyang nagdulot ng kahirapan
Lahat tayo ay naapektuhan
Lahat tayo ay nahirapan
Lahat tayo ay kailangang lumaban

Walang nakaaalam kung kailan, saan at paano,
Kung sinong dapat sisihin sa mga kaganapang ito,
Tanging isa lang ang alam ko
Malungkot, nahihirapan ako.

Malungkot sa hindi ko malamang dahilan
Para bang buhay ko'y gusto ko ng wakasan.
Ngunit hindi, nalilito lang ako!
Pag-aaral o trabaho?
Saan ba ang tamang lugar ko?

Pag-aaral na magbibigay ng magandang kinabukasan?
O trabaho na magtatawid sa akin sa kasalukuyan?

Saan?

Minsan lang

Jaztene

Minsan lang tayo may pagkakataon mabuhay
Kaya habang nabubuhay ka piliin mong maging masaya
Wag puro trabaho, wag puro ibang tao
Isipin mo rin sarili mo.

Magpahinga ka
Hindi habang buhay malakas ka
Tao ka pa rin naman
May karapatan ka pa rin magsaya.

May karapatan ka pa rin maging malaya
Tulad ng karapatang sundin ang sarili mong nais
Kaya wag mong ikulong ang sarili mo
Sa mga responsibilidad na nakaatang sa 'yo.

Alam kong nahihirapan ka na
Wag kang mag-alala
Lahat naman ng hirap may ginhawa
Basta magtiwala ka lang sa Kaniya.

Minsan lang tayo mabuhay
Kaya magpakatotoo ka
Sa kung ano ba talaga
Ang plano mo sa buhay.

KAPAG GABI NA

Jayfrel Rastica

Alas-sais ng hapon iyan ang oras para pumasok sa kanyang trabaho si Lea. Makikita niya na naman ang mga makukulit at maiingay na kustomer sa kanyang pinapasukang karinderia malapit sa hi-way. Nagmamadali na siya hindi siya puwedeng ma-late dahil strikto ang kapalitan niya. Pagkapasok pa lang ay bubungad na agad sa kanya ang mga hugasing baso, plato, kutsara't tinidor na pinagkainan. Mabilis na pupunasan ang mga mesa para magamit ulit.

"Ekstrang kanin nga po."
"Dagdag na sabaw nga po."
"Isang yosi nga po." Sabay-sabay na tawag ng mga regular kustomer na palaging doon kumakain kapag gabi.

May malapit kasing construction site na malapit kaya doon na sila kumakain kapag break time. kapag sila na ang kustomer asahan muna ang pagbibiro nila ng paulit-ulit. Si Lea kasi ay likas na may maamong boses sa tuwing tatanungin ka niya kung anong order mo. Idagdag mo pa riyan ang pagiging maasikaso niya na talagang namang ikatutuwa mo. Sino ba naman ang hindi babalik para kumain.

Madalas sa dami ng trabaho ay pagod talaga si Lea. Mabuti na lang at may kasama siya sa puwesto, si ate Bella na mas matanda sa kanya ng dalawang taon at mas matagal nasa trabaho. Disi-sais palang kasi si Lea. Si Lea ang taga bigay ng mga order samantalang si Bella naman ang taga luto sa bandang likod sa may kusina.

Nakakapahinga lang sila kapag humupa na ang tao. Kapag kumagat na ang gabi bandang alas-dose medyo makakapag relax na. Panandaliang umiidlip pero dapat ay gising pa rin ang diwa para kung sakaling may bibili ay mabilis na magigising. Pupungas-pungas na ang mata ng dalawa pero pilit na nilalabanan ang antok. Mabuti na lang at libre ang pagkain habang naka duty. Libre ang kanin, ulam, mga ilang biskwit at soft drinks na paboritong inumin ni Lea kapag inaantok na. kalderetang manok ang paborito niya palagi. Kapag pauwi na rin ay pwede siyang mag uwi ng ulam para may makain sa bahay. Nawalan kasi ng trabaho ang kanyang ama nang dahil sa pandemya. Ang kanyang ina naman ay nag-aalaga sa lima pa niyang mga kapatid na maliliit pa kaya naghanap siya ng trabaho sa internet para makatulong. Tiyempo namang may nakita agad.

Lumipas ang gabi. Uwian na. "Sa wakas makakapag pahinga na ako." Sabi ni Lea sa kanyang sarili. Dumating na rin ang kapalitan niya.

"Paalam ate Bella." Pahabol na salita nito bago tumawid ng kalsada.

Sumasalabong na sa kanya ang mataas na sikat ng araw na masakit sa mga puyat niyang mga mata. Alas-otso na kasi. Iyan ang oras nang uwi niya palagi. Mas pinipili niya ring maglakad nalang para makatipid sa pamasahe. May apatnapung minuto rin siguro kung lalakarin nang tuloy-tuloy.

Maya-maya pa ay nasa tapat na nang kanyang bahay si Lea.
"Nandito na po ako tito." Sabay kuha ng kanang kamay papunta sa kanyang noo. Nakikitira lang kasi siya sa kamag-anak kasama ng kanyang mga pinsan habang nagtatrabaho. Kung uuwi Kasi sa mismong bahay nila ay malayo.

Magpapahinga na sana siya pero naalala niyang may gagawin pa pala siya. Ang mga modyul hindi pa pala tapos. Agad na binuksan ang kanyang selpon para makapag sagot pero napatigil si Lea.

"Wala na pala akong selpon." Malungkot na tugon niya sa sarili. Hinablot nga pala nang minsang nasa karinderia siya. Akala niya kustomer pero hindi pala.

"Akin na yang selpon mo!" Pandidilat ng mata ng holdaper na nakatakip ang buong mukha. Kasabay ng pagtutok ng kutsilyo sa dibdib niya. Wala na siyang nagawa kundi ibigay nalang habang nanginiginig. Mabilis na umalis ang lalaki kasama ng nakamotor niyang kasabwat.

Bumaba tuloy ang mga grado ni Lea simula ng mawalan ng selpon. Hindi na siya makapag search para sa sagot. Pati rin ang mga kaklase at mga guro niya ay hindi na makontak kung may hindi siya maunawaan. Sabi nga nang isang klasmeyt niya ay hinahanap daw ito ng kanyang guro sa Filipino para sa mga kulang na gawain. Pinasabi nalang ni Lea na wala na siyang kontak at ihahabol nalang ang kulang na aktibiti. Simula noon ay ganito na ang naging takbo ng pag-aaral ni Lea.

Darating na naman ang hapon at kailangan na namang pumasok sa karinderia. Hindi dapat late kagaya sa eskwela. Maghuhugas ng baso, plato, kutsara't tinidor na walang lalagtawan katulad sa pagsagot sa takdang-aralin. Pupunasin ang mesa para sa pangarap at babatiin ang mga kustomer na parang bumabati sa guro sa paaralan. Marami pang gabi ang bubunuin hindi pwedeng huminto si Lea.



C R E S I A (Dagli)

Nieves

"Cresia sama 'ko" pag pupumilit ko sa kaibigan. "Sige na hintayin mo 'ko, kunin ko lang cellphone at wallet ko"

"Soleil bilisan mo at mahaba ang pila roon baka mapag iwanan tayo, alam mo namang importante sakin nag lakad na ito" tugon niya.

Masaya akong pumasok sa loob ng bahay dahil sa wakas isasama niya ko sa lakad niya. Nang makuha ko na ang cellphone ko at wallet laking gulat ko na lang na pagbalik ko wala na siya.

Iniwan niya nako, napakadaya talaga ni Cresia, sabi ko sandali lang, sabi ko mabilis lang ako, sabi ko intayin niya 'ko dahil sasama ako sa kanya.

Nakakatampo, nakakainis at nakakaiyak ngayong di ko pa man din alam ang papunta roon. Cresia ano bang sasakyan ko papunta dyan? Jeep ba muna? Tricyle? Bus?

"Cresia paano ba kasi pumunta diyan?"

"CRESIA! PAANO BA KASI PUMUNTA SA LANGIT?"

Salubong

~~RaJa~~

walang

hanging dumadampi

sa balat tuwing matutulala at

hindi namamalayang oras na ng pagkalas,

Dapat nang lumisang walang alinlangan.

Tunguhin ang mga patak ng ulang hindi naman kusang tatahan.

Magtampisaw sa bawat halik ng mga ulap sa dagat. Maglibot. Lumipad. Lumimot.

Tahakin

ang mga

kubling

bahagi at

simulang saliksikin ang bawat sulok, galugarin ang mga banging hindi kayang paghiwalayin ang takot sa pananabik. Magbilad. Magbabad. Sa pag-uwi huwag limutin ang kapatagang binabaybay.

Wag kang mailigaw ng pantasya at delusyon ng ingay na nagkukunwaring kaligayahan.

Maglayag. Maglagalag. Pumanatag. Umuwi ka. Bumalik sa umpisa.

Sadyain ako sa aking himlayan kung handa ka na.

Hihintayin kita.



MEDALYANG DUGUAN

Jolengs

Dug! Dug! Dug! Dug!
Bakit ba natutulog ka pa d'yan?
Gumising ka na at magbanat ng buto.
Padabog at pasigaw na wika ng aking ina
Hindi ko alam kung ano ang nagawa kong mali at tila laging mainit ang ulo niya, nagsimula lamang ito noong pumanaw ang aming ama.
Kahit ako'y nasa batang edad pa hanggang ngayon na nasa huling taon na ng aking pag-aaral sa kolehiyo ay pinili kong magbanat ng buto at tumulong kay inay sa kabila nang hirap na aking nararanasan.
Walang anu-ano'y bumangon na ako kaagad mula sa aking pagkakahiga.
"Wala ka talagang silbi, tanghali na nakahilata ka pa!
Sa araw-araw na ginawa ng Diyos ganyan ka pa rin, wala kang pinagbago!"
"Pero nay! May pasok kami sa eskwelahan!"

"Lintik na buhay ito! Hindi ba't sinabi ko na sa'yo na walang patutunguhan iyang pinapangarap mo! Baka nakakalimutan mo mahirap lang tayo. Mas uunahin ko pang bilhin ang mga pangangailangan natin kaysa punan ang mga pangangailangan mo para sa walang kwentang pag-aaral na'yan!"

Sa kabila ng mga sinabi niya, nagpatuloy akong tuparin ang aking pangarap, kaunting tiis nalang.
Palihim akong pumapasok sa kolehiyo kung saan ako naka-enroll. Kumuha ako ng scholarship para punan ang mga bayarin at pangangailangan ko sa kolehiyo.
Mabuti nalamang at mayroong programa ang aming paaralan para sa mga working student na katulad ko.
Nag tatrabaho ako sa umaga at nag-aaral sa gabi

Dug! Dug! Dug! Dug!

Hindi mapigil ang pintig ng aking dibdib.
Heto na! Heto na ang pinakahihintay kong sandali! Sa wakas makakamit ko na ang matagal ko nang pinapangarap ang makapagtapos at maiahon ang aming buhay sa hirap.

"Angelica Mae Cruz, nagpamalas ng galing sa akademiko, nagkamit ng pinakamataas na karangalan! Bigyan natin s'ya ng masigabong palakpakan."

"Magandang araw aking mga guro, panauhin, mga magulang at kapwa ko mag-aaral. Ako'y lubos na nagagalak sa aking mga nakamit na karangalan at higit sa mga tumulong upang makamit ko ito. Sama-sama nating harapin ang panibagong yugto ng ating buhay."

Dug! Dug! Dug! Dug!

Ako ay nasasabik sa aking pag-uwi sapagkat may magandang balita akong ibabahagi sa aking ina kahit pa alam kong hindi naman nya ito ikatutuwa sapagkat hindi naman ito mahalaga para sa kanya.

ANAK! ANAK!

Dug! Dug! Dug! Dug!

Naririnig kong nagsisigawan ang mga taong nasa paligid ko. Hindi ko maintindihan? Ano ang nangyayari? Hindi ko maramdaman ang aking buong katawan.

Anak!

Teka boses iyon ni nanay.

Dug! Dug! Dug!

Nay bakit Unti-unting pumipikit ang aking mga mata?

Bumibigat ang aking mga mata gusto ko nalang matulog.

Dug! Dug!

Patawad nay sa kabila ng lahat ng sakripisyo ko at pagsuway sa'yo bigo pa rin akong maiahon ka sa hirap.

Dug!

"Anak, patawarin mo ako sa lahat ng nasabi at nagawa ko sa'yo. Alam kong nagsusumikap ka pa rin sa kabila nang pagbabawal ko sa'yo. Para sa akin ay naiahon mo na rin ako sa paghihirap."

"Wala sa akin iyon nay! kahit na ganoon ang mga nangyari hindi ako nagtanim ng sama ng loob. Mahal kita, nay!

Kasabay ng aking pagluha, ang pagpikit ng aking mga mata.

Tuluyan na akong nawalan ng malay.
Hanggang dito na lamang ang lahat. Ito na ang wakas.

Paalam!

ILAW

Yolanda De Guzman

Nasisilaw ka ba sa Ilaw
O natatakot ka sa dilim ?

Mayroon akong nakausap na isang kaibigan , ang sabi niya , " Mula nang magkaroon ng pandemic natakot na akong lumabas at parang lagi akong may nerbiyos …. nakatatakot."

Tunay, sa ating kasalukuyang panahon , tila ba bago ang lahat ng ito sa atin. Walang mga batang nag-aaral sa loob ng mga paaralan, maraming mga namatay dahil sa COVID -19, inatake sa puso, mga pamilyang nagkasakit, mga kompanya na nagsarado , at mga tatay at nanay na nawalan ng trabaho.

Ang dating hindi natin ginagawa …. ang face mask, face shield, ang alcohol , ang Sinovac, Moderna , Pfizer ……. Biglang naging bahagi ng ating buhay na lagi nating kasama.

Pero sa kabila ng lahat ng mga ito …. Sa bawat umaga na masisilayan natin ang liwanag ay may pag-asa, at ang nakasisilaw na liwanag ng araw ay isang sagisag ng kapangyarihan ng Diyos at sa pagsapit ng gabi ….. madilim …subalit kapag sumilay na ang buwan , makikita mo ang kagandahan ng Diyos ….. may liwanag.

Sa buhay ko natatakot din ako, lagi nga akong pinag-sasabihan ng aking mga anak, "Mommy, mag-ingat ka, kumain ng maayos, at mahirap magkasakit lalo na sa panahong ito. Lagi silang nag-aalala. Ako rin, may takot din ako sa puso ….. pero sa bawat araw na ako ay nagigising ….. "Every gising is a blessing." Kapag nakikita ko ang mga sariwang dahon at makukulay na mga bulaklak na aking tanim ….. alam kong may isang sa amin ay nag-aalaga.

Sino ba ang makapagbibigay sa iyo ng malayang paghinga…. sino ba ang makalilikha ng makukulay na mga bulaklak….. may trabaho ka pa? May kinakain ka pa ba? Malulusog pa ba ang iyong pamilya? May malambot ka bang higaan sa iyong pagtulog? May ngiti pa ba sa iyong mga labi?

Tingnan mo ang iyong sarili sa salamin …… sino ang nakita mo? 'Di ba ang nakita mo ay isang larawan na nilikha ng Diyos… "We are the best creations of God." Kaya ikaw kapatid na may matatag na pananampalataya sa ating Diyos…….. may takot man, may kadiliman man, may karimlan man ang paligid …. Paniwalaan natin ito, mula sa aklat ni Juan 1:5 mula sa Banal na Bibliya " Nagliliwanag sa kadiliman ang ilaw, at hindi ito nagapi kailanman ng kadiliman." May katapusan ang lahat ng ito, at sa bawat araw patuloy lang ang buhay, buhay na may ngiti , may pag-asa at alam natin na may isang Diyos na ilaw ng sangkatauhan .

/ynlg 2-28-2021

W A K A S
Mori Vivere

Oras, huminto ka
Hindi patas magsimula sa huli
Araw ay lumisan
Pag-asa, nakukubli sa dilim

Bukas, papalayo
Walang sukat ng paliwanag
Araw, oras, minuto
Bawat saglit, labanan at digmaan

Oras, makipaglaro
Katunggali, kay hirap magapi
Sa pitik ng gatilyo
Tagumpay, sa wakas, ay akin!



Ningas ng Pag-asa

Zaira

Mga pisngi ay binabasa ng luhang tumutulo
Ngunit sa telang takip ay pilit na itinatago
Kay pait pagmasdan mga paang lumalayo
Dahil sa sitwasyon ay kailangan munang maglayo-layo

Mundong dati'y abala ay dagliang huminto
Kalaban ay di nakikita kaya dapat na magtago
Maraming sumubok lumaban ngunit sila'y nabigo
Lahat ay nalulunod sa pagod, pero bawal sumuko

Pangamba ay mabilis na bumalot sa puso ng salat
Mamamatay ba sa sakit o magugutom nang dilat
Imahen ng mahal na anak sa kalagayang buto't balat
Dumudurog sa puso at sa kalooban ay napapabigat

Ngunit sa isang dako, mabuting bagay ay umusbong
Mga may ginintuang puso ay agad na tumugon
Pagkakaisa at bayanihan ay naging malaking tulong
Pagbibigayan at paglingap ang syang naging misyon

Hindi man tiyak kung kailan ito magwawakas
Hindi man natin alam ang ilalabas ng bukas
Sana'y ipagpatuloy lang natin ang adhikaing wagas
Kung ang Dios ay mahabag salot ay magwawakas

“ Siklo ng Buhay “

Joemar M. Gunday

Sumasandal ang pagod na isip sa matang matitinik.
Nalulungkot ang damdamin dahil sa bigat na kinikimkim.
Totoo, mahirap maging makina sa bawat oras na kumakaway.
Mahirap din maging robot sa gitna ng gawaing walang humpay.

Kelan kaya iihip ang hangin ng kaginhawahan?
Kelan kaya aahon sa gabundok na lumbay?
Kelan kaya sisiko ang inaasahang tagumpay?
Tara? Sumabay, sa sumasayaw na agos ng buhay.

Pinipilit limuting mga bagay na nakapagpapabigat.
Pumipiglas sa mga problemang kung ituring ay sibat.
Problema roon, problema rito, lahat tiniis magtamo man ng poot at sugat.
Para sa kinabukasang ipinako at pinangako sa kakaharaping realidad.

Patuloy pumapadyak sa takap ng pluma't papel.
Lumalaban at hindi pasisiil sa hinaharap na mapanupil
Wala man kasiguraduhan sa tinatahak na paralel
Ngunit lahat ay gagawin makamit lang ang pinipisil

Litong-lito ang nararamdaman sa katayuang gipalpal ang katanungan
Labas-tengang pinapadaang matatalim na salita para hindi panghinaan

Totoo nga;

Kailangang mo muna lakarin nang nakapaa ang lubak-lubak na daan.
Kailangang mo muna malunod sa alon ng pighati.
Kailangang mo muna madapa sa bundok ng hapdi.
At kailangang mo muna bumagsak sa lambak ng dalamhati.


Sa gitna ng mga katanungan maraming rason at dahilan, pero isa lang ang laging tatandaan
Bawat hamon ay may ginintuang turo
Madilim man ang kahapon, kumpas ay pagsulong
Hindi ka nag iisa magpakailanman
Yakapin ang pagbagsak, pagtanggap, pagbangon at patuloy na suungin ang yugto ng pagkatuto.

Litong-lito ang nararamdaman sa katayuang gipalpal ang katanungan
Labas-tengang pinapadaang matatalim na salita para hindi panghinaan

Totoo nga;

Kailangang mo muna lakarin nang nakapaa ang lubak-lubak na daan.
Kailangang mo muna malunod sa alon ng pighati.
Kailangang mo muna madapa sa bundok ng hapdi.
At kailangang mo muna bumagsak sa lambak ng dalamhati.

Sa gitna ng mga katanungan maraming rason at dahilan, pero isa lang ang laging tatandaan
Bawat hamon ay may ginintuang turo
Madilim man ang kahapon, kumpas ay pagsulong
Hindi ka nag iisa magpakailanman
Yakapin ang pagbagsak, pagtanggap, pagbangon at patuloy na suungin ang yugto ng pagkatuto.



Ghost

Aramae A. Ferrer

Pag ibig sa pagitan ng layo
Maaari bang tayo ay mabuo?
Sa bawat halakhak ikaw ang dahilan
Ikot ng oras tila di namamalayan
Maraming nagbago at nabago
Tumaya sa walang kasiguraduhang pangako
Lumipas ang panahon ang dating makulay
Tila nawalan ng buhay
Nakasanayan na walang tigil na tawanan
Nabalutan ng lungkot at pagdurusa
Bakit? Bakit bigla kang naglaho?
Dahil ba sa ako ay malayo?
Kahit anong higpit ng kapit
Bibitaw at bibitaw yan kung may nakitang mas malapit.

Para sa mga Breadwinner ng Pamilya.

Mariz Clavecillas

Gusto ko lang sabihin na salamat dahil napakatatag mo, kahit na anong pag-subok kinakaya mo, at kakayanin mo . Gusto ko lang sabihin na proud na proud ako sayo sa mga nagawa at gagawin mo pa bilang isang anak, estudyante, kapatid at isang tao . Salamat dahil hindi ka sumuko kahit nahihirapan kana, salamat dahil sa kabila ng nangyayari ngayon sa ating lipunan ay hindi ka nag papatinag sapagkat lumaban ka at lalaban pa para sa pamilya mo at pang-arap mo. Nakikita ko lahat ng mga sakripisyo mo para sa pamilya mo at alam kung hindi biro ang ginagawa mo pero ito ginagawa mo parin. Ramdam kita at naiintindihan kita kung gusto mo munang magpahinga dahil hindi masa-mang magpahinga kahit saglit man lang, hindi masamang humingi ng tulong kung hindi mo na kaya. Gusto ko lang sabihin na andito ako ang karamay mo sa lahat ng mga sakrispisyo mo,andito ako na handa kang damayan sa lahat ng problema mo at haharapin natin iyan ng magkasama dahil ako ang iyong KAIBIGAN.



Nang Minsan akong nagkasugat

Anonymous Kraken

Nang minsan akong masugatan

Hindi ko alam ang gagawin.

Lalagayan ko ba ng alcohol upang gamutin?

May nakapagsabi sa akin na hindi ito lunas

Lalo mo lamang pinahahapdi ang sugat

At hindi ito pinapagaling

May ibang nagsabing lagyan ko na lamang ng pantapal.

Ngunit naisip ko paano ito makakahinga.

Maghihilom ba ito o lalo lamang lalala dahil sa pagtakip ko rito?

May ilang nagsabi na hayaan na lamang itong nakabukas

Kusa naman itong maghihilom.

Paano kapag nakita ng iba?

Mandidiri ba sila at lalayuan ka?

Paano ba pahilumin ang sugat?

Naisip ko ring hayaan na lamang itong nakabukas

Kahit may duming nakaambang pumasok at lalo lang itong palalalain.

Naisipan ko rin uminom na lang ng gamot

Para naman sa loob magmula ang paghilom.

Paano kung masanay ako sa artipisyal at kemikal na dulot ng gamot.

Lalo ba itong delikado?

Ipatahi ko na lang kaya?

O ipa-opera?

Paano kung hindi maging maganda ang resulta?

Ikatutuwa ko ba ang resulta?

Sabagay,

Hindi natin malalaman kung hindi susubukan.

The Official Student Publication of Polytechnic College of the City of Meycauayan

VIRTUOSO

KARIMLAN

VOLUME 2

This volume 2 is called KARIMLAN
"the light that shines in the darkness ".

This volume includes poetry, short stories, essay/open letter and comics with emphasis in stories of hope, realization, and nostalgia during pandemic.

Facebook: Scribes
Instagram: @scribesofficialaccount
Twitter: @scribespccm
Email: pccmscribes@gmail.com